# Ang Pinagmulan Ng Bongolan

Isinulat at Iginuhit nina:
**Rodmar S. Pineda**
**Meryl D. Domulot**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

May isang panahon sa malayong lugar ng Zambales na may pamayanan na hindi magkasundo.

Sa pamayanan ni Binagoonan at pamayanan ni Ani-ani ay may nakatirang maitim na espiritu.

Pinag-aagawan nila ang mga lupa at punong nagbubunga ng kabuhayan ng mga tao.

Hindi mapigil ang kanilang alitan. Kasama sa kanilang pagkakagalit ang unahan sa pagkuha ng matatamis na bunga ng saging.



Tuwing makakakita sila ng punong may bunga, kinukuha nila ang bunga sa pamamagitan ng pagputol ng puno.

Sa galit ni Apo Namalyari, bumuhos ang malakas na ulan. Nahalukay ang kabundukan, kaya nahukay din ang mga ugat ng puno nito at hindi na muling umusbong.

"Apo Namalyari, maawa po kayo sa aming angkan," panaghoy ng mga Ayta kay Apo Namalyari.

Nakaranas ng tagtuyot ang mga tao, at  panahong may malakas na pag-ulan. Walang sawang dumadaing ang mga Ayta kay Apo Namalyari.

"Apo Namalyari, patawarin mo po ang aming lahi," patuloy na pagmamakaawa ng mga Ayta.

"Itakwil ninyo ang kasamaan at kasakiman!" pasigaw na wika ni Apo Namalyari. "Magsikhay kayo at paunlarin ang lupang inyong tinitirhan," dagdag pa ng Apo.



Nagbungkal ng lupa ang mga Ayta at nagtanim ng mga puno na maaring magbunga ng makakain ng komunidad.

Sa isang umagang maaliwas, sa pagdilat ng kanilang mga mata, nakita nila ang kanilang kapaligiran na punong-puno ng saging.

Pumitas ang isang matandang Ayta. “Matamis ang bunga ng saging na ito, subalit may buto!” wika ng Ayta.

“Bongao, Bongolan ang bagong saging ng mga Ayta!” hiyaw ng mga Ayta.